See discussions, stats, and author profiles for this publication at: https://www.researchgate.net/publication/338150172

# Ugnayang Tsino't Pilipino sa Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas

**Article** · June 2019

CITATIONS
3

READS
369

1 author:



Axle Christien Tugano
University of the Philippines Los Baños

**35** PUBLICATIONS **16** CITATIONS

SEE PROFILE

All content following this page was uploaded by Axle Christien Tugano on 17 April 2021.

The user has requested enhancement of the downloaded file.

# Review Article

## Arriola, Donna Mae N. at Eleanor Marie S. Lim. (2016). *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery. Nasa Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries,* pat. Dr. Grace Barretto-Tesoro, 41-80. Quezon City: The University of the Philippines Press.

# Ugnayang Tsino't Pilipino sa Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas[1]

**Axle Christien J. TUGANO**[2]
University of the Philippines Diliman,
QUEZON CITY

**ABSTRAK**

Nabigyan ng pagpapahalaga ang komprehensibong pagdalumat sa relasyong Tsino at Pilipino sa buhay at kamatayan sa isang aklat na pinamagatang *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries* (2016) na pinamamatnugutan ni Dr. Grace Barretto-Tesoro ng Programa sa Araling Arkeolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas. Ito ay binubuo ng isang daan at apatnapu't dalawang (242) pahina at limang (5) kabanata-- [1] *Angels on Earth: Investigating Infant and Children Burials in Manila Cemeteries* ni Grace Barreto-Tesoro (pah. 1-39); [2] *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery* nina Donna Mae N. Arriola at Eleanor Marie S. Lim (pah. 41-80); [3] *Ang Mamatay ng Dahil sa iyo: Patriots' Graves at Manila Cemeteries and Neighboring Provinces* ni Andrea Malaya M.

---

[1] Isinulat na maikling papel bilang bahaging katugunan sa pangangailangan ng kursong PS 201 (The Philippines in Asia and the Pacific) noong Unang Semestre ng Taong Panuruan 2018-2019 sa ilalim ng paggabay ni Dr. Noel Christian A. Moratilla, Sentrong Asyano, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

[2] Nagtapos sa kursong B.A. History sa Polytechnic University of the Philippines noong 2015 bilang Class Valedictorian, magna cum laude. Tinatapos ang kanyang M.A. Philippine Studies sa University of the Philippines Diliman. Isang manlalakbay sa dalawampu't limang (25) mga bansa sa Asya, Europa, at Pasipiko. Sumulat at nakapalimbag ng mga saliksik sa iba't ibang dyornal. Karamihan sa mga tema ng kanyang pag-aaral ay nakaugat sa kasaysayan at relasyon ng Pilipinas sa ibayong dagat.

Tugano, Axle Christien J. "Ugnayang Tsino't Pilipino sa
Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas." *TALA* II:1.
(June 2019), pp 66-83.

Ragragio (pah. 81-153); [4] *Death, Grief, and Memorial: A Review of the Boy Scouts Tragedy of 1963* nina Kathleen D.C. Tantuico at Omar K. Choa (pah. 155-168); at [5] *Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage* ni Michelle S. Eusebio (pah. 169-197).

Sa limang kabanatang ito, mas higit na binigyan ng pansin at lapatan ng anotasyon ang ikalawa dahil tahasan tumatalakay ang artikulong ito sa mayaman at makakultural na ugnayan ng Pilipinas at Tsina bilang mga Asyanong bansa pagdating sa konseptwalisasyon ng kamatayan.

## PANIMULA

Mahaba at makabuluhan ang naging kasaysayan ng ugnayan ng mga Tsino at katutubong Pilipino sa kasaysayan. Ito ay ating makikita sa napakaraming babasahing naisulat tungkol sa mga nasabing paksa. Bagama't sumesentro kadalasan ang pagtalakay sa ugnayang ekonomiko, pulitikal, o di kaya'y sa usaping pang-diplomasya, wala pa halos nababasa ang rebyuwer tungkol sa ugnayan ng mga Tsino at Pilipino pagdating sa konsepto ng kamatayan. Ibig sabihin, yaong mga paksang bumabanghay sa kultural na relasyon ng dalawang bansa na mayroong kinalaman sa kamatayan katulad ng paglilibing/libingan. Naisasantabi marahil ang ganitong paksa sa kadahilanang wala naman itong maibibigay na kaalaman o maging kabuluhan o sasabihin pang, *"Ano ang matututunan ng mga historyador/ mananaliksik sa isang bagay na patay/paksang pang-patay?"* Kung tutuusin, sa mga libingan/sementeryo makikita ang ginampanang papel nito sa lipunan ng mga buhay at nagiging batis din ito ng mga kaalaman (na hindi kayang maibigay ng mga nasusulat na dokumento) sa isang partikular na komunidad, rehiyon, at bansa.[3] Katulad ng nabanggit, direkta ang relasyon ng mga Tsino at Pilipino. Kapwa sila nakipamuhay sa isang lipunang gumagalaw at tumutugon sa pangangailangan ng bayan. Makikita pa rin ang mayamang ugnayan ng dalawang *raza* (lahi) hanggang sa kamatayan. Mababakas sa mga libingan ng mga Tsino ang mayabong na diskurso kung paanong magkaugnay ang dalawang lahi hanggang sa kamatayan.

[3] Michelle S. Eusebio, *Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage*. Nasa Grace Barretto-Tesoro, *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, (Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016), 171.

## PAGTATATWA

Kinakailangang maging sensitibo sa pagsusulat ng pananaliksik sa tuwing binabanggit natin ang isang partikular na lahi o etniko. Malinaw halimbawa na binanggit ng rebyuwer sa isa niyang pananaliksik, na mayroon ding kinalaman sa mga libingan at kamatayan – maging maingat tayo sa mga pagbabansag sa isang partikular na lahi.[4] Magagamit sa rebyung ito ang salitang *katutubo* na kumakatawan sa mga Pilipino at *Tsino* para sa mga lahi o taong nagmula sa Tsina o di kaya'y mga taong may dugong nalalapit dito. Sa usapin ng *katutubo*, ginamit ito bilang hindi katumbas ng indihenisasyon[5] ngunit nakabatay ito sa tuwirang pagtukoy sa *kapwa* at *lahat ng tumubo* sa pulong Pilipinas o tinatawag bilang mga Pilipino.[6] Gagamit din ang pag-aaral na ito ng mas angkop at may kawastuhang pulitikal at kultural na kategorisasyon sa pagbabansag ng mga taong nakatira/ naka-ugnay sa Tsina. Gagamit ang pag-aaral na ito ng salitang *Tsino* sa halip na *Intsik* dahil kinakabitan ito ng deregatoryong pagtingin sa isang lahi. Katulad ng salitang *Intsik*, ang mga bansag na *Beho*, *Sualay*, o *Suana* na nagtataglay ng isang negatibong panukoy sa mga *Tsino*.[7] Ang mga ganitong pagtatatwa ay hindi kalimitang naoobserbahan ng mga mananaliksik.

## UGNAYAN NG MGA TSINO AT PILIPINO SA PANAHON NG BUHAY

Mauugat/naiugat na ang mayabong na ugnayan ng mga Tsino at Pilipino bago paman sakupin ng kapanyarihang Kastila ang kapuluan ng Pilipinas.[8] Sumentro ang kanilang relasyon sa usaping ekonomiko o direktang pakikipagkalakalan. Napatunayan ito sa mga naitalang ulat o *annals* noong 971 C.E. o sa panahon kung kailan namamayagpag ang paghahari/dominasyon ng Dinastiyang Song sa Tsina. Ito ang dahilan kung bakit tinawag ng mga Tsino

---

[4] Axle Christien Tugano, *Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Cementerio ng Nagcarlan, Laguna* (di-limbag na papel, 2019), 5-6.

[5] Problematiko ang salitang katutubo kung ginagamit ang *pagsasakatutubo* bilang katumbas ng *indigenization*. Ang konseptong ito ay malinaw na nagmula sa pananaw ng labas. Kung kaya't maituturing itong anakronismong pagkakamali kung ginamit ito bilang katumbas o katulad ng pagsasakatutubo.

[6] Andres Bonifacio, *Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B.* Nasa Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896: Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto, awt. Virgilio S. Almario (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997). Tingnan din ang Emilio Jacinto, *Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B.* Nasa *Mga Rebolusyong Dekalogo*, pat. National Historical Commission of the Philippines (Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2014), 93-94.

[7] Tugano, *Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan*, 6.

[8] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 42 (ang nirerebyung artikulo ng mananaliksik).

ang kabuuan ng Pilipinas bilang "Mai".[9] Mababakas din ang ating ugnayan sa kanila dahil sa mga natagpuang artipak (*i.e.* mga seramiko, banga, at iba pa) sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Patunay lamang ito na minsa'y naging hari ng karagatan ang mga mangangalakal na Tsino dahil nakarating sila hanggang sa mga pamayanang nasa Mediteranyo.

Nagpatuloy ang pagiging bahagi o kasama ng mga Tsino sa kasaysayang Pilipino hanggang sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas. Noong 1560 mayroon lamang isang daan at limampung (150) Tsino ang naninirahan sa Kamaynilaan na pumalo hanggang sampung libo (10,000) noong 1588 at tatlumpung libo (30,000) noong 1603.[10] Binansagan sila ng mga Espanyol bilang *sangleyes* o manlalakbay na mangangalakal dahil sa kanilang katangian bilang magagaling na negosyante. Sa katunayan, naging bahagi ng lakas-paggawa (*labor*)[11] at pulitika[12] ang mga Tsino sa sistemang kolonyal ng mga Espanyol. Ngunit sa kabila nito, nagkaroon ng diskriminasyon ang mga Espanyol sa mga Tsino kung kaya't inihiwalay nila ito sa Intramuros. Bumuo sila ng mga *Parian*[13] bilang paraan ng indirektang pagpapaalis sa mga Tsino sa istrukturang kolonyal ng mga Espanyol. Ito ay pinasinayaan bilang isang

---

[9] Naisipi ng may-akda ang tunggalian ng diskurso sa pagitan nina William Henry Scott at Bon Juan Go (Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 42). Nabigyang paliwanag ni Scott sa kanyang *Barangay: Sixteenth Century Philippine Culture and Society* (1994) ang pangalang "Mai" ay ang kasalukuyang isla ng Mindoro kung saan naging malakas ang ugnayan ng mga Tsino at Pilipino sa kalakalan. Sa kabilang banda, tinutulan naman ito ni Go sa kanyang pag-aaral sa *Philippine Studies Journal* na pinaamagatang "*Ma'i in Chinese Records- Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle* (2009) na kung saan ang "Mai" ay ang tinutukoy ng mga Tsino sa kanilang pagdating sa Laguna de Bai. Nagkaroon diumano ng kalituhan sa pagitan ng mga salitang "Mai" at "Bai" dahil hindi nabibigkas nang maayos ng mga Tsino ang titik "b" kung kaya't nahalinhan ito ng titik "m".

[10] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 42

[11] Sa katunayan, naging kabahagi ang ilang mga *mestizo* sa pagpapatakbo ng *indulto de commercio* ng mga Espanyol at sa iba pang kalakalang kanilang naipatupad dito sa Pilipinas. Kung dati rati'y ang kapangyarihang patakbuhin ang mga negosyo ay ipinagkakaloob sa *alcalde mayor* o sa *gobernadorcillo*, sa panahong ito naman ay ibinigay na sa ilang mga *gremiong* Tsino o *cabecilla* na silang nangangalaga ng ekonomiya sa bawat siyudad. Nakapagtatag din ang mga gremiong ito ng mga sistemang pautang at *tienda de sari-sari* na tumustos sa maraming mamamayan (Tingnan, Diokno at Villegas 1998, 55).

[12] Taong 1741 nang pormal na kinilala ang mga *Chinese mestizos* bilang hiwalay na estado ng lipunang kolonyal. Ang mga nasabing *mestizos* ay nagkaroon pa lalo ng mas malakas na impluwensiya sa pamahalaan. Isang halimbawa nito ang pagkakabuo ng *Gremio de Mestizos de Binondo* noong 1741. Ito ay isang samahan ng mga mestisong Tsino na naging katuwang ng mga Espanyol sa negosyo sapagkat ang mga ito'y bihasa sa pagpapatakbo ng mga negosyo at usaping kawanggawa. Ngunit pagsapit ng taong 1768, ipinasara ni Gobernador Heneral Jose Raon ang ilang mga *gremio* at kinalaunan naganap ang malawakang pagpapalayas sa mga Tsino sa Pilipinas (Tingnan, Escoto 1999, 55).

[13] Makikita ang mga dating *parian* sa kasalukuyang lugar ng Mehan Garden at Arroceros Forest Park (Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 43).

batas noong 1620 na nag-uutos ng pagpapatayo ng *Parian* o isang *ghetto* sa labas ng Intramuros na inilaan lamang para sa mga Tsino. Ipinagkaloob ang *Parian* upang mapangalagaan ng mga Espanyol ang kabisera (Maynila) mula sa banta ng mga hindi Kristiyanong mamamayan[14]. Kung ang gagamiting lapit ay demograpiya, ang mga migranteng Tsino na pumasok sa Pilipinas ay nagmula sa Timog Silangang bahagi ng Tsina at Canton. Ang ilan sa mga ito ay inapo ng mga Fujianese (mga taong nakapagsasalita ng Hokkien/Fukien/Fookien).[15] Dahilan ito upang ang ilang mga Pilipino ay natutong magsalita ng wikang Hokkien. Isang matibay na patunay dito ay ang mayamang relasyon sa kalakalan ng mga Ilonggo at ng mga Tsino na dumating at nagtayo ng *pariancillo* sa Iloilo. Sa pagdatal ng panahon, dumaan sa pag-aangkin at pagsasakatutubo ang wikang Hokkien na inihalo sa wikang Hiligaynon bilang wikang pangkalakalan.[16]

Katulad ng mga katutubong Pilipino, bumuo rin ng kalat-kalat na rebelyon at pag-aaklas ang mga Tsino dahil sa mapaniil na sistema ng mga Espanyol katulad ng lumalalang diskriminasyon, pagpapataw ng mataas na buwis, at pagsasaligal ng pagiging mataas ng ibang lahi kumpara sa mga Pilipino at Tsino.[17] Sa madaling salita, kapwa biktima ng hindi maayos na pagtrato ang mga Pilipino at Tsino. Nagdala pa ito sa malawakang pagkatay (*massacre)* at pagpapatapon sa mga rebeldeng Tsino laban sa mga Espanyol. Dahil sa ipinakitang karahasan ng mga Tsino at vis-à-vis, mga Espanyol, pormal na idineklara ng huli ang pagmamanipula o pagkontrol sa pagpasok (migrasyon) ng mga Tsino sa kapuluan.

## UGNAYAN NG MGA TSINO AT PILIPINO SA KONSEPTO NG KAMATAYAN

Sa panahon ng kolonyalismo, kinasangkapan din ng mga Espanyol ang libingan bilang batayan ng kaantasan ng tao sa lipunan. Talamak ang paglilibing sa loob ng mga lumang simbahang Katoliko sa paniniwalang mahalaga ang kanilang ginampanang papel sa lipunan nang sila'y nabubuhay pa.[18] Ang ilan sa mga kilalang libingan noon ay ang *Manila Chinese Cemetery*, *Manila North Cemetery*, at *La Loma Catholic Cemetery*. Bagama't hindi talaga

---

[14] Salvador P. Escoto, *A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779*. Nasa Philippine Studies Vol. 48, No. 2. (Quezon City: Ateneo de Manila University, 2000), 212.

[15] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 44.

[16] Randy M. Madrid, Ang Pariancillo ng Molo, Iloilo sa Pagtatagpo ng Hiligaynon at Hok-kien Bilang mga Wikang Pangkalakalan noong Dantaon 18. Nasa *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 2, Blg. 1 (Setyembre 2013), 101.

[17] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 44.

[18] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 45.

nabigyan ng prebilehiyo na mailibing ang mga Tsino sa sementeryong Katoliko lalo na sa *La Loma Catholic Cemetery* kung kaya't nagtayo sila ng kanilang sariling libingan sa Binondo na tinawag nila bilang *Cementerio de Chinos de Binondo.*[19] Naitayo ang nasabing libingan sa kadahilanang ipinagbawal ng mga ordeng Espanyol ang paglilibing ng mga hindi-Katolikong Tsino. Kadalasan pa nga, dahil sa probisyong ito, ang ilan sa kanila'y iniuuwi at ibinabalik sa Tsina ang bangkay ng kanilang mga yumao. Sa ganang ito, makikita o mahahalintulad ang mga Tsino sa mga Pilipino na pinagbawalan ding maglibing sa mga hindi binyagang kasapi ng lipunan. Kung minsan pa nga'y ang mga Pilipinong hindi-Katoliko na nagsingamatay ay ipinag-uutos ng mga Espanyol na ilibing na lamang sa sementeryo ng mga Tsino. Naihanay nila (Espanyol) ang dalawang lahi bilang mga inperyor o nakakababa sa lipunan.

Mababakas ang kultural na ugnayan ng mga Tsino at Pilipino sa Libingang Tsino ng Maynila *(Manila Chinese Cemetery)*. Mula sa tarangkahan (*gate)* nito, makikita na ang plakadong pangalan ng sementeryo na dumaan sa pabagu-bagong pagbabansag dulot ng paghahalong kultura *(syncretism)* ng mga Tsino at Pilipino o dominasyon marahil ng isa sa dalawa.[20]

Tunguhin ng rebyung ito hindi ang paraan ng paglilibing sa pagitan ng mga Tsino at katutubong Pilipino bagkus upang suriin ang nagkakasundo at mga taliwasang simbolismo ng mga Tsino at Pilipino sa loob ng libingan. Malinaw naman talagang semiotika *(semiotics)* ang gagamiting metodo upang sipatin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pananda o simbolo sa loob ng libingan. Kahit sabihin pang dala ng impluwensiyang Tsino ang mga sagisag sa sementeryo, niyakap na ito ng mga Pilipino at tinanggap na nila sa kanilang pamumuhay noon hanggang sa kasalukuyang panahon. Sa pagsusuri ng rebyuwer, bilang bahagi ng kanyang preliminaryong rebyu, nagkasundo ang kulturang Tsino at Pilipino sa paglilibing sa aspektong kung saan nila dapat ilibing o ilagak ang yumao at para naman sa kontemporanyong panahon, ang mga taong inilibing sa sementeryo.

[19] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 45.

[20] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 48. Para sa dagdag kaalaman hinggil sa sinkretismo ng paniniwalang Katoliko (Pilipino) at Buddhistang Tsino, tingnan si Ari C. Dy, *Chinese Buddhism in Catholic Philippines: Syncretism as Identity*, (Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2015), 16-17.

*1. Libingan at Pook*

Mapapansin na ang Manila Chinese Cemetery ay sumunod sa paniniwalang nakaugat sa feng shui ang pook na kinatayuan ng libingan. Mahalaga para sa mga Tsino ang kabundukan at mga gilid nito bilang akmang lugar sa paglilibing dahil sa mga kadahilanang (1) ang mga yumao ay mayroong pangangailangan katulad ng mga buhay; (2) kailangan silang maalala/magunita ng kanilang mahal sa buhay at mangyayari lamang ito kung malapit sila sa mga pamayanan; at (3) maaaring magdala sila ng swerte sa mga taong buhay.[21] Isa pa, isa sa mahigpit nilang paniniwala ay ang paglilibing sa gilid ng mga bundok na kung saan natatanaw ang mga katubigan dahil ito ang magsisilbing hanggahan sa mundo ng mga buhay at yumao (pah. 50-51).

Ganundin ang paniniwala ng mga sinaunang Pilipino. Mayroong samu't saring paraan, konsepto, at lulan ng paglilibing ang mga katutubong Pilipino. Mula sa mga yungib bilang lagakan ng mga labi, dumaan sa pagbabago[22] at nagpatuloy pa rin ang tradisyon sa kalinangan ng paglilibing ng mga Pilipino. Marami sa mga simbahan (iglesia) at libingan (cementerio) ang itinatayo noong panahon ng mga Espanyol sa dati nang sinasambahan at nililibingan ng mga katutubo kung kaya't bahagi pa rin ng pagtatawid sa sinaunang pananampalataya patungo sa tinatawag na Kristiyanismong Bayan o Folk Christianity.[23]

Malaki ang ginampanan ng katubigan sa konsepto ng kamatayan at kabilang buhay ng mga katutubong Pilipino. Dahil sa katubigan dumadaan

[21] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 50-51.

[22] Kahit sabihin pang dumaan ang mga sinaunang pamayanan sa pagbubuo ng mga *pueblo* bilang konsepto ng bayan ng mga kolonyalistang Espanyol, mukhang malayo sa tadhana ng *reduccion* ni Fray Juan de Plasencia ang kasalukuyang anyo at kinaroroonan ng mga *cementerio* sa Pilipinas.

[23] Tinawag ng rebyuwer ang konseptong ito bilang mga *naglahong elemento*. Hindi naman talaga napagtagumpayan ng mga Espanyol na wasakin ang pamamahalaga ng mga katutubong Pilipino sa kanilang mga sinaunang pook-sambahan katulad ng mga yungib at puno. Bagkus, inangkop at patuloy pa rin nilang isinasabuhay ang kanilang mga katutubong paniniwala kahit na mayroon na silang mga konkretong simbahan at libingan. May ilang tala halimbawa na nagsasabing sa dating kinakatayuan ng mga balete ay doon pa rin nagsasagawa ng seremonya ang mga babaylan kahit sabihin pang wala na roon ang konkretong puno. Sa dahilan na — sa dating kinatatayuan ng mga puno, itinayo ng mga Espanyol ang mga simbahan. Gayundin, ang mga nitsong parihaba na inaalayan ng mga katutubo ng mga dugo ng hayop dahil sa paniniwalang portal ito ng kailaliman o kawangis ng dati nilang sinasambang mga yungib. Malinaw na hindi tuwirang nawala ang pamamahalaga ng mga katutubo sa ganitong mga bagay. *Naglaho* ang tinawag dito ng rebyuwer dahil napagtagumpayan ng mga Espanyol na wasakin ang konkretong mga bagay ngunit hindi ang pagpapahalaga sa mga ito ng mga katutubong Pilipino. Tingnan para sa karagdagang impormasyon, Axle Christien Tugano, *Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Cementerio ng Nagcarlan, Laguna* (di-limbag na papel, 2019), 57-66.

ang kaluluwang nakasakay sa bangka. Kung minsan pa nga'y ang kanilang yumao ay nakalibing mismo malapit sa ilog o dagat upang mas lalong maging payapa ang kanyang paglalakbay sa kabilang buhay. Kalimitan itong makikita sa mga Bisaya na ipinapaanod ang kanilang mga yumao sa tubig gamit ang bangka na tutungo sa rehiyon na kung tawagin ay sulad o saad.[24] Gayundin para sa mga Tagalog na gumagamit ng bangka sa paglalakbay ng mga kaluluwa sa pagbabalik ng mga ito sa ibang mundo o sa bayang pinagmulan.[25] Marami rin sa mga katutubong Pilipino ang nagsipaglibing ng yumao sa taas ng bundok sa paniniwalang magiging malapit sila sa paghahatol at pangangalaga ni Bathala. Ang mga bundok ay kumakatawan din sa kaitaasan at kalangitan[26] at akma para sa mga yumao dahil sa pagiging tahimik at sagrado nito.[27]

*2. Libingan at Personalidad*

Taliwas sa sistemang limpieza de sangre (kapuruhan ng dugo) ng mga Espanyol, bilang isa sa batayan ng paglilibing sa mga Espanyol-Katoliko sa kanilang sementeryo, mababakas naman sa libingang Tsino ang pagtalima sa ganitong konsepto at konteksto. Tinanggap nila na mailibing sa kanilang sementeryo ang mga hindi purong Tsino o sabihin pang nahaluan na ng lahing Pilipino (Tsinoy). Patunay lamang ito ng matibay na relasyon ng Pilipinas at Tsina noong mga panahong iyon. Hindi naging batayan kailanman ang lahi para sa paglilibing, naging bukas ang mga Tsinong ito sa pagtanggap at pagpapalibing sa mga Pilipinong malapit sa kanilang kultura.

Marami sa mga kilalang Tsino-Pilipino o purong Tsino (na malaki ang ginampanang papel sa lipunang Pilipino) ang nakalibing sa Manila Chinese Cemetery na hanggang sa ngayon ay ginugunita ang kanilang kadakilaan at kabayanihan. Ang ilan sa kanila ay sina Don Carlos Palanca na nanguna sa pakikipaglaban hinggil sa karapatan ng mga Tsino sa Pilipinas; [28] Liat See Tong, isang bayani na sumabak sa iba't ibang labanan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at namatay sa isang lindol noong 1968; [29] Dee Ching

[24] William Henry Scott, *Barangay*, 1994, 92.

[25] Jose Rhommel Hernandez, Anituismo at Kristiyanismo (Bilang Reaksyon sa Artikulo ni Lasco). Nasa *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 4, Blg. 1 (Agosto 2015), 117.

[26] Personal na komunikasyon ng rebyuwer kay Prop. Atoy M. Navarro ng Thammasat University, Thailand noong Marso 13, 2019.

[27] Lars Raymund Ubaldo, Bundok Bilang Espasyo sa Kasaysayan at Kalinangan: Panimula. Nasa *Shuntug: Mga Kabundukan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pat. Lars Raymund Ubaldo (Quezon City at Maynila: ADHIKA ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts, 2015), iv.

[28] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 55.

[29] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 55-56.

Chuan, ang tagapagtatag ng China Banking Corporation;[30] at Ma Mon Luk[31] o mas kilala bilang "Hari ng Mami."[32] Sa kabilang banda, may mga Pilipino ring nailibing sa sementeryo ng mga Tsino katulad nina Manuel Arguilla, isang kilalang manunulat;[33] Rafael Roces Jr., isang batikang mamamahayag;[34] Josefa Llanes-Escoda, ang tagapagtatag ng Girl Scouts of the Philippines;[35] Virgilio Lobregat, isang kilalang atleta;[36] at si Apolinario Mabini na pinaniniwalaang pinilit ng mga Amerikano na ilibing sa sementeryo ng mga Tsino sa kadahilanang namatay ito sa kolera.[37] Ang kanyang labi ay nadala na ngayon sa kanyang museo sa Tanauan, Batangas na nasa ilalim ng pamunuan ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas.

## MGA NATATANGING SAGISAG

Sa pag-aaral nina Arriola at Lim, nasipat din nila ang samu't saring pananagisag at simbolismo na mababakas sa mga libingang matatagpuan sa *Manila Chinese Cemetery*. Kadalasan nakaugat ang kanilang simbolismo sa mga hayop, halaman, at iba pa na mayroong kinalaman at may kaugnayan sa kanilang sinaunang mito at astrolohikong paniniwala.[38] Kung tutuusin, ito marahil ang layunin ng mga may-akda na magkaroon ng komparatibong pagsipat sa pagkakatulad ng paniniwala ng mga Tsino at katutubong Pilipino pagdating sa astrolohiya. Ganundin naman ang pamamahalaga ng mga katutubong Pilipino sa kanila ding sariling pananagisag. Mahalagang isaalang-alang ang kaalaman na mayroong tatlong salansanan ang sansinukob ng mga sinaunang Pilipino ayon sa kanyang kosmolohiya –langit, mundong ibabaw, at mundong ilalim. Kadalasan, ang mundong ilalim at mundong ibabaw ay nakaugnay sa kamatayan. Ang langit at mundong ilalim bilang mga destinasyon ng mga yumao ay nakasalig din sa mga simbolo katulad ng bolo ng igat, ahas, bakunawa, naga, laho, serpente, ibon, araw (sagisag ni Bathala), buwan (sagisag ng mga babaylan o katalonan), at bituin. Malinaw ang

---

[30] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[31] Malapit sa mga Pilipino si Ma Mon Luk dahil sa pagiging matulungin nito. Sa katunayan, ang isa sa mga bayaning Pilipino na kanyang personal na natulungan ay si Espiridiona "Nonay" Bonifacio (1875-1956), kapatid ni Andres Bonifacio. Sa paglimot ng gobyerno na matustusan ang pangangailangan ng matandang si Nonay, marami sa mga pribadong indibidwal ang nagbigay sa kanya ng tulong. Isa na nga rito si Ma Mon Luk. Tingnan Atoy M. Navarro at Adonis L. Elumbre, Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan. Nasa *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 3, Bilang 2, (Nobyembre 2014), 247.

[32] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[33] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[34] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[35] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[36] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[37] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 56.

[38] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 60.

ganitong pagkakahati-hati sa malawak na paniniwala ng mga Austronesyanong Pilipino at Indonesyano. Naniniwala sila na ang mundong kanilang ginagalawan ay bahagi ng mga salansanan. Kung kaya't makikita sa kanilang mga kabahayan at templong sinasambahan ang portatil at wangis ng tatlong salansanan ng kanilang mundo.[39]

Sa kabilang banda, mababakas muli sa libingang ito ng mga Tsino ang naghahalong konsepto ng dalawang paniniwala. Mauulinigan pa nga minsan na naghahalo halimbawa ang imahe ng tigre/asong "fu" (paniniwalang Tsino) sa mga Katolikong emblem katulad ng krusipiksyon at imahe nina Hesus at Birheng Maria.[40] Ibig sabihin, bagama't nagkakasundo ang iilang konsepto, makikita pa rin ang iba o salungat na kahulugan para sa mga Pilipino. Bilang bahagi ng rebyu, sinuri ng rebyuwer ang kaibahan at pagkakatulad nila sa pagsasakahulugan ng mga hayop, halaman, at iba pang bagay na makikita sa libingan ng mga Tsino.

## KAHAYUPAN

Makikita sa ilang libingang Tsino ang mga hayop katulad ng dragon *(long)* na sumasagisag sa kapangyarihan ng chi/qi, magandang kapalaran, proteksyon, at mahabang buhay. Sa katunayan, naging simbolo pa nga ito ng mga emperador ng bawat dinastiyang naghari sa Tsina dahil ito ay tumutumbas sa gahum *(power)*.[41] Kinikilala rin nila ang iba pang mga hayop na sumasagisag sa kanilang *yin* at *yang* katulad ng tigre, ibong *crane*, usa *(deer)*, isda, at ibong *phoenix*. Ang kanilang tigre ay nakaugat sa kanilang diyos ng kayamanan na si Tsai Shen Yeh[42] na tumutumbas din sa dragon upang manatiling balanse ang *yin* at *yang*. Kahabaan naman ng buhay ang sinisimbolo ng mga ibong katulad ng *crane* at *phoenix*. Samantala, ang isda ay sumisimbolo sa karangyaan at masaganang pamumuhay -- na kung minsan ay malaki ang ginagampanan nito sa buhay ng pag-aasawa. Kaiba sa lahat ang usa dahil nakadikit ito sa paniniwalang nasa kanya ang walang hanggang buhay *(immortality)* at kayamanan.

Kung ihahambing natin ang kanilang paniniwala sa katutubong Pilipino, may direktang kaibahan ito. Pagdating sa sinaunang paglilibing, madalas na

[39] Lorenz Lasco, Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon. Nasa *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 3, Bilang 1, (Agosto 2014), 123-127. Tingnan din, Axle Christien J. Tugano, *Hermano Puli at Imam Bondjol at ang Kanilang mga Kilusang Mapagpalaya sa Timog Silangang Asya: Mga Tala sa Tungkulin ng Bayan sa Pagyabong ng Kasaysayang Panlipunan* (Papel na binasa sa Independencia 1843, 2019), 5.

[40] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 54.

[41] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 60.

[42] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 61.

makikita lalo na sa hilagang bahagi ng Kordilyera ang imahe ng *geeko* o malaking butiki/tuko (tingnan larawan 1) dahil ito ang sumasagisag sa pagiging marangya at walang hanggang buhay ng ilang pangkat-etnolingwistiko.[43] Ganundin ang paniniwala ng mga Tagalog patungkol dito. Ang buwaya halimbawa ay inililibing ng mga Tagalog na parang isang ninuno (o posibleng alay para kanilang mga ninuno) dahil sa paniniwala na ang buwaya [at mga kawangis nitong butiki, tuko, geeko, at iba pa] ay nagsisilbing representasyon ng mga ninuno.[44]

**Larawan 1:** Simbolo ng *geeko/*butiki sa libingan ng Kordilyera



Isang kuhang larawan ng rebyuwer noong Disyembre 26, 2011 sa Yungib ng Sumaguing sa Sagada, lalawigan ng Mountain Province

Sa konsepto naman ng dragon, magkaibang-magkaiba ang paniniwala ng mga Tsino at Pilipino hinggil dito. Kung para sa mga Tsino, ang dragon ay para sa proteksyon samantalang kamalasan o kasamaan naman ito para sa mga katutubong Pilipino. Ito ang nagiging dahilan ng eklipse o paglulon, pagkain, o pagkawala ng mga buwan. Malaki ang pagpapahalaga ng mga katutubong Pilipino sa buwan kung kaya't ito ay kanilang pinangangalagaan sa pamamagitan ng pag-iingay at pagtataboy sa mga lumalamon sa buwan. Madalas itong inilalarawan bilang malaking ahas na may pitong ulo,

[43] Personal na komunikasyon ng rebyuwer sa *tour guide* sa Sagada, lalawigan ng Mountain Province noong Disyembre 26, 2011.

[44] Personal na komunikasyon ng rebyuwer kay Lorenz Lasco noong Marso 15, 2019.

bakunawa, at demonyong umaangkin sa buwan.[45] Gayunpaman, mahalaga ang buwaya (o mala-dragon na nilalang ng mga katutubong Pilipino) para sa kanilang pamumuhay. Ginamit ito halimbawa ng mga Muslim bilang disenyo sa kanilang mga *taming* o kalasag dahil naniniwala silang magiging magaling sila sa pakikipagdigma. Inilagay din ng mga Pilipino ang disenyong ulo nito sa *pamalong* o uluhan ng kanilang mga bangka para sa maayos na paglalayag.[46] Ngunit, sa kabilang banda, hindi isinasama ng mga Pilipino ang ulo ng buwaya o dragon bilang disenyo ng kanilang mga bahay. Naniniwala sila na sa bibig (ng buwaya o dragon) nagmumula ang kasamaan na maaaring magdulot ng kapahamakan sa buong bahay.[47]

Malaki rin ang paniniwala ng sinaunang Pilipino sa hayop na usa. Isa itong sentralisadong simbolo pagdating sa sinaunang paglilibing ng mga Pilipino lalo na sa etnolingwistikong pangkat ng Kabikolan. Plakado ang kahalagahan ng usa sa takip ng tapayang libingan na natagpuan sa lalawigan ng Camarines Sur. Naidugtong ang usa bilang simbolo ng pananampalataya at pagpapahalaga sa epikong Ibalon na kung saan nakilala sina Uryol/ahas at bayaning si Handiong.[48] Panghuli, kung ang pag-uusapan naman ang ibon sa konsepto ng kamatayan, limitado ang nalalaman ng rebyuwer hinggil dito. Mas binibigyan niya ng kahalagahan ang ibong Pilipino bilang pagsisimula ng buhay at hindi sa katapusan ng buhay (*i.e.* si Manaul/Haribon na tumuka sa kawayan bilang pagsisimula ng tao). Hindi katulad ng ilang paniniwala sa kanluran, ang ibong katulad ng uwak *(crow/raven)* ay madalas na iniuugnay sa kamalasan at kamatayan.

## KAHALAMANAN

Lehitimong pinahahalagahan din ng mga Tsino ang konsepto ng halaman bilang bahagi ng kanilang mayamang paniniwala. Makikita sa kanilang mga libingan ang bulaklak na sumasagisag sa pagbabago *(renewal)*, ang meihua o *plum blossom*.[49] Ganundin ang pagpapahalaga nila sa lotus dahil malaki ang kanyang kaugnayan sa pormasyon ni Buddha bilang naliwanagang nilalang at bulaklak ng *peony* dahil sumasagisag naman ito sa kagitingan at kayamanan.[50]

---

[45] Dante L. Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*, (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2010), 141-142.

[46] Axle Christien Tugano, *Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Cementerio ng Nagcarlan, Laguna* (di-limbag na papel, 2019), 53-54.

[47] Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*, 152.

[48] Zeus A. Salazar, *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*, (Diliman, Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2004), 97-98.

[49] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 65.

[50] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 66.

Kasamang tinitingan bilang mahalagahang elemento ang kawayan *(bamboo)* dahil sagisag din ito ng kahabaan ng buhay, kasaganaan, at magaang pagkatao na kawangis ng isang hangin na siyang sumusunod sa agos ng buhay.[51]

Sa kabilang banda, may bahagyang pagkakatulad ang simbolismo ng mga Tsino at Pilipino sa mga halaman. Malaki ang paggalang ng mga katutubong Pilipino lalo na sa mga puno dahil minsan na nila itong sinamba at pinag-alayan sa paniniwalang nakasalig dito ang kapangyarihan ng may lalang sa kanilang lahat. Itinuturing bilang puno ng buhay (*tree of life)* ang balete halimbawa sa paniniwalang ito ang kumakapit at nag-uugnay sa iba't ibang salansan ng daigdig at nagbibigay ng kaginhawaan sa lahat ng karamdaman.[52] Kahit sabihin pa ng mga kronikong Espanyol na tila hindi ito nakakatulong sa kanila dahil nagkakalat lamang ito at tumutubo sa mga mababatong lugar,[53] itinuring naman ito ng mga katutubong Pilipino bilang kanilang santuwaryo at punong-puno ng kabanalan dahil sa mga diwata at anitong naninirahan dito.[54] Hindi lamang sa sinaunang Pilipinas umiiral ang ganitong paniniwala. Maging sa Indonesia, Malaysia, at iba pang mga bansa, ganito rin ang kanilang pagpapahalaga sa punong ito. Patunay lamang ito na malawakang pinahahalagahan ng mundo ng mga Austronesyano ang puno.

Sa pagpunta ng rebyuwer sa Museo ng Indonesia (Taman Mini Indonesia Indah) noong Abril 20, 2018, nasaksihan nito ang pamamahalaga ng mga Indonesyano sa kanilang *tree of life* na mas kilala bilang *kalpataru* (tingnan larawan 2). Ito ay nakalagay sa ikalawang palapag ng kanilang museo. Ayon sa kanilang matandang paniniwala, simbolo ito ng kanilang kapaligiran (mundo) at ng kanilang uniberso na nag-uugnay sa mga elementong katulad ng tubig, hangin, lupa, apoy, at iba pa. Pinaniniwalaan din nila ito bilang isang portal na nagdurugtong sa lupang kanilang ginagalawan at kailaliman nito.

---


[51] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 66-67.

[52] F.R. Demetrio, S.J., *Myths and Symbols, Philippines*, (Metro Manila: National Book Store, Inc., 1978), 43.

[53] Pedro Chirino, Relation of the Filipinas and of What Has There Been Accomplished by the Fathers of the Society of Jesus. Nasa *The Philippine Islands. 1493-1898*, *Volume XII*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1604), 24. Tingnan din, Antonio Mozo at Bernardo Ustariz, Later Agustinian and Dominican Missions. Nasa *The Philippine Islands. 1493-1898*, *Volume XLVIII*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Companyh, 1903-1909, 1763 at 1745), 94.

[54] Lorenz Lasco, Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon. Nasa *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 3, Bilang 1, (Agosto 2014), 126 at Cantius Kobak, Ancient Pre-Hispanic Concept of Divinity, the Spirit-World Sacrifices, Rites, and Rituals Among the Bisayans in the Philippines. Nasa *Philippiniana Sacra*, Tomo 35, Blg. 111 (Setyembre-Disyembre, 2002), 446-455.

**Larawan 2:** *Puno ng Kalpataru, "Tree of Life" ng Indonesia*



Isang kuhang larawan ng rebyuwer noong Abril 20, 2018
sa Museo ng Indonesia, Jakarta

Katulad ng nabanggit na, sa konsepto ng mga katutubong Pilipino, magkarugtong ang puno at lipunan at pulitika. Ayon sa pakikipag-usap ng rebyuwer kay Dr. Vicente C. Villan ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ang anito (na katumbas ng *hantu* sa mga Malay at *antu/tuan* bilang pinuno sa Indones) ay nakasalig sa *puno* o *pinuno* ng mga Pilipino na sumisimbolo sa datu/ratu.[55] Ang puno ay metatesis ng *poon* na tumutukoy na sa ngayon halimbawa kay Hesus (Itim na Nazareno ng Quiapo) na samakatuwid ay tumutukoy din sa pagiging poon/puno ng lahat (*Hari ng mga Hari* sa ibang salita, guinoo sa mga Bisaya na ang ibig-sabihin ay *makagagahum* o *makapangyarihan*).

Mahigpit ang pagkakadikit ng puno sa kalinangang Pilipino dahil naidala pa nga ang konsepto maging sa pulitikal na aspekto *(i.e.* ponong-bayan, ponong-

[55] Personal na komunikasyon ng rebyuwer kay Dr. Vicente C. Villan ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong Enero 11, 2019.

lungsod, at iba pa). Ibig sabihin, direktang nakaugnay ang "puno" sa kapangyarihan ng isang pinuno (datu). Ang datu ay siyang sumisimbolo sa *punong lawaan* – ito ay ang pinakamatayog at matuwid na uri ng kahoy na naging tahanan ni Manaul (haribon).

Sa pagdatal ng panahon, naiba ang ating paniniwala sa balete bilang isang puno. Nagbago lamang ang ating paniniwala hinggil sa balete at iba pang uri ng puno/halaman gawa ng mga Espanyol na nagbago ng imahe nito bilang instrumento ng kadiliman o tahanan ng mga demonyo o ng sitan. Madalas itong inihanay sa mga tala at kwentong bayan bilang tahanan ng mga engkanto, demonyo, tikbalang, at mga aswang. Ganundin ang pamamahalaga ng mga katutubong Pilipino sa kawayan bilang panimula ng buhay. Sa kawayan nagsimula ang unang babayi at lalaki na nagluwal sa sangkatauhang Pilipino. Mababakas ang ganitong mito o leyenda sa iba't ibang literatura at epiko ng mga katutubo sa kapuluan. Anupaman, limitado ang ebidensiya na inugnay ng mga katutubong Pilipino ang halaman/puno sa konsepto ng kamatayan.

## NATATANGING OBSERBASYON SA ARTIKULO NG AKLAT

Sa kabuuang paglalapat ng obserbasyon hinggil sa rebyung ito, masasabi ng rebyuwer na napagtagumpayan ng mga may-akda na makamit ang wastong parametro at pamantayan *(standard)* sa isang *"scholarly work"* na pananaliksik. Una, kung ang pag-uusapan ay ang teknikalidad, siguradong mauunawaan ng sinumang mambabasa ang layunin, paksa, at suliranin na ibinato ng mga mananaliksik. Naging payak ngunit malaman ang kanilang pag-aaral dahil naibigay nila ang saklaw at limitasyon na siyang magiging tuntungan ng kanilang pag-aaral. Sumentro ang pananaliksik sa konsepto ng *angels* at *dragon* o mga simbolo sa iisang partikular na libingan *(Manila Chinese Cemetery)*. Hindi ito katulad ng ibang pag-aaral na malawak ang saklaw, sobrang lalim, kulang sa metodolohiya at kaalaman, at may tendensiyang hindi ito mailahad nang may kawastuhan at kritikal na panunuri.

Ikalawa, kumiling ang mananaliksik sa paglalagay ng mga larawan. Hindi lamang babagsak sa haraya *(imagination)* ang sinumang magbabasa ng aklat. Sa artikulong ito, mas madaling maunawaan ang talakayan kung nasusuportahan ng ilang kuhang larawan na sila pa nga mismo ang kumuha sa mga ito. May apatnapu't isang (41) larawan ang kabuuan ng artikulo[56] na naglalarawan sa iba't ibang libingan, pantiyon, mapa, at iba pa na tumutugon sa titulo ng artikulo at maging sa pangkalahatang pamagat ng aklat ni Dr. Tesoro.

Pangatlo, hinangaan ng rebyuwer ang artikulo sa pagpapalitaw nito ng tatlong bagay/paksa hinggil sa mga Tsino at mga Pilipino—ugnayang kultural, sinkretismo, at pag-uugat sa semiotika. Magkarugtong ang kultura at relasyon ng dalawang lahi mula noon hanggang sa ngayon, kapwa sumailalim sa opresyon ng mga dayuhang Espanyol, at

[56] Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 43, 48-49, 51-72, 75.

nagbigayan ng mga pamanang kultural. Isang "*unique*" na paksa kung maituturing ang akda nina Arriola at Lim kung ang pag-uusapan ay relasyon ng dalawang bansa/lahi. Kadalasan umiikot ang mga paksa sa pulitikal at ekonomikong aspekto. Sa pagkakataong ito, sinuri nila ang hindi gaanong napapansing paksa— ang sementeryo. Kung kaya't nang mabasa ng rebyuwer ang kabuuan ng aklat, naisip niyang iugnay ang artikulong ito sa isang rebyu na maglalahad ng isang patunay na mayroong matibay na relasyon/ugnayan ang Tsina at Pilipinas sa aspektong kultural na siya ngang mababakas sa bawat libingan. Gumamit ang may-akda ng *semiotics* upang ipaliwanag ang samu't saring simbolo na makikita sa loob ng sementeryo. Sa ganang ito, naging metodolohiya ng rebyuwer sa kanyang anotasyon ang komparatibo at kritikal na pagsusuri hinggil sa dalawang kultura/paniniwala gamit ang lente ng sementeryo.

## PAGTATASA

Kung tutuusin, nagbigay ang mga mananaliksik ng ideya/hamon para sa mambabasa at nagnanais na sumulat ng isang pananaliksik na pagtuunan ng pansin ang sementeryo bilang paksa sa pag-aaral ng arkeolohiya *(archaeology)*, kasaysayan *(history)*, at kultura *(ethnology)*. Sa usapin ng arkeolohiya, matibay na saligan ito ng katotohanan na mayroong makukuhang impormasyon sa pamamagitan ng mga libingan, nitso, lapida, at iba pa. Para sa kasaysayan, napagtatagpi-tagpi natin ang mga tala na papatungkol o sasagot sa iba't ibang suliranin na mayroong kinalaman sa relasyon Tsino at Pilipino (kultural o anupaman); paano nabuhay at nakipagsapalaran ang mga naunang Pilipino o Tsino (nagsama man o magkahiwalay na pakikibaka) sa ilalim ng paniniil ng mga Espanyol; at marami pang iba. Panghuli, muling binuhay ng pag-aaral ang pagpapahalaga sa etnolohiya bilang alternatibong paraan sa pangangalap ng datos pangkasaysayan/pangkultura. Sa pamamagitan ng mga panayam *(interview)*, pakikihalubilo, at pagpunta, natutunton nila ang naratibong kaalaman.

## SANGGUNIAN:

Ambrosio, Dante L. (2010). *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasanang Pilipino.* Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Barretto-Tesoro, Grace. (2016). Angels on Earth: Investigating Infant and Children Burials in Manila Cemeteries. Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Semeteryo: Exploring Philippine Cemeteries*, 1-39, Grace Barretto-Tesoro, pat. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Bonifacio, Andres. (1896). Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B. Nasa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, awt. Virgilio Almario, 140. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.

Chirino, Pedro. (1604). Relation of the Filipinas Islands and of What Has There Been Accomplished by the Fathers of the Society of Jesus. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898;* Volume XII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 167-321. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909.

Demetrio, F.R. S.J. (1978). *Myths and Symbols, Philippines*, Metro Manila: National Book Store, Inc.

Diokno, Maria Serena at Ramon Villegas, mga pat. (1998). *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 4: Life in the Colony.* Hong Kong: Asia Publishing Company Limited.

Dy, Ari C. SJ. (2015). *Chinese Buddhism in Catholic Philippines: Syncretism as Identity.* Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

Escoto, Salvador P. (1999). Expulsion of the Chinese and Readmission to the Philippines: 1764-1779. Nasa *Philippine Studies Vol. 47, No. 1: 48-76.* Quezon City: Ateneo de Manila University, 2000.

Escoto, Salvador P. (2000). A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779. Nasa *Philippine Studies Vol. 48, No. 2: 209-234.* Quezon City: Ateneo de Manila University.

Eusebio, Michelle S. *Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage.* (2016). Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, 169-198, Grace Barretto-Tesoro, pat. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Go, Bon Juan. *Ma'i in Chinese Records-Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle.* (2005). Nasa Philippine Studies Journal 53, 119-138.

Hernandez, Jose Rhommel B. (2015). Anituismo at Kristyanismo (Bilang Reaksyon sa Artikulo ni Lasco). Nasa *SALIKSIK E-Journal*, 4:1 (August), 114-120.

Jacinto, Emilio. (1896). Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B. Nasa *Mga Rebolusyong Dekalogo*, pat. National Historical Commission of the Philippines, 93-94. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2014.

Kobak, Cantius. (2002). Ancient Pre-Hispanic Concept of Divinity, the Spirit-World Sacrifices, Rites, and Rituals Among the Bisayans in the Philippines. *Philippiniana Sacra* 37, blg. 111 (Setyembre- Disyembre), 411-478.

Lasco, Lorenz. (2014). Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon. Nasa *SALIKSIK E-Journal*, 3:1 (August), 119-172.

_______. (2019). Personal na komunikasyon ni Axle Christien J. Tugano kay Lorenz Lasco, Marso 15.

Madrid, Randy M. (2013). Ang Pariancillo ng Molo, Iloilo sa Pagtatagpo ng Hiligaynon at Hok-kien Bilang mga Wikang Pangkalakalan noong Dantaon 18. Nasa *SALIKSIK E-Journal, Tomo 2, Blg. 1* (Setyembre), 100-126.

Mozo, Antonio at Bernardo Ustariz. (1763 at 1745). Later Augustinian and Dominican Missions. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898;* Volume XLVIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 59-136. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909.

Navarro, Atoy M. (2019). Personal na komunikasyon ni Axle Christien J. Tugano kay Propesor Atoy M. Navarro ng Thammasat University, Thailand, Marso 13.

Navarro, Atoy M. at Adonis L. Elumbre. (2014). Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan. Nasa *SALIKSIK E-Journal, Tomo 3, Blg. 2* (Nobyembre), 238-258.

Ragragio, Andrea Malaya M. (2016). Ang Mamatay ng Dahil Sa Iyo: Patriot's Graves at Manila Cemeteries and Neighboring Provinces. Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Semeteryo: Exploring Philippine Cemeteries*, 81-153, Grace Barretto-Tesoro, pat. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Salazar, Zeus A. (2004). *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. Diliman, Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Scott, William Henry. (1994). *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Tantuico, Kathleen D.C. at Omar K. Choa. (2016). Death, Grief, and Memorial: A Review of the Boy Scouts Tragedy of 1963. Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Semeteryo: Exploring Philippine Cemeteries*, 155-168, Grace Barretto-Tesoro, pat. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Tour Guide sa Sagada, Mountain Province [TGSMP]. (2011). Personal na komunikasyon ni Axle Christien J. Tugano sa *Tour Guide* ng Sumaguing Cave sa Sagada, Mountain Province, Cordillera, Disyembre 26.

Tugano, Axle Christien J. (2019). *Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Cementerio ng Nagcarlan, Laguna*. Papel na isinulat sa PS 219 (Philippine Society and Culture) sa ilalim ng patnubay ni Dr. Mathew Constancio M. Santamaria, 1-79. Sentrong Asyano, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

_______. (2019b). *Hermano Puli at Imam Bondjol at ang Kanilang mga Kilusang Mapagpalaya sa Timog Silangang Asya: Mga Tala sa Tungkulin ng Bayan sa Pagyabong ng Kasaysayang Panlipunan*. Papel na binasa sa Independencia 1843, National Historical Commission of the Philippines.

Ubaldo, Lars Raymund. (2015). Bundok Bilang Espasyo sa Kasaysayan at Kalinangan: Panimula. Nasa *Shuntug: Mga Kabundukan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pat. Lars Raymund Ubaldo, iii-ix. Quezon City at Manila: ADHIKA ng Pilipinas Inc. at National Commission for Culture and the Arts.

Villan, Vicente C. (2019). Personal na komunikasyon ni Axle Christien J. Tugano kay Dr. Vicente C. Villan ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Enero 11.



View publication stats